## KUMPLETONG TEKSTO NG PANUKALA D

### Eksibit 1

Ipinag-uutos ng mga Mamamayan ng Awtoridad sa Bukas na Espasyo ng Santa Clara Valley ang mga sumusunod:

### Seksyon 1. Titulo.

Ang Batas na ito ay kikilalanin at maaaring tawaging "Batas para sa Proteksiyon sa Wildfire, Malinis na Tubig, at Bukas na Espasyo ng Santa Clara Valley."

### Seksyon 2. Mga Napag-alaman at Paghahayag

Sa pamamagitan nito, kinikilala at ipinapahayag ng mga botante ng Awtoridad sa Bukas na Espasyo ng Santa Clara Valley ang mga sumusunod:

(a) Simula nang itatag ito noong 1993, tumulong na ang Awtoridad sa Bukas na Espasyo ng Santa Clara Valley ("Awtoridad") na protektahan ang mahigit 30,000 akreng bukas na espasyo, lupang pang-agrikultura, at likas na lugar, na pinapanatili ang likas na kagandahan at kalusugan ng Santa Clara Valley at pinapahusay ang mga tagapagdulot ng tubig, kalidad ng hangin, tirahan ng ligaw na buhay, at magandang tanawin ng ating rehiyon upang pantay na makinabang ang mga kasalukuyan at susunod pang residente.

(b) Mahusay at epektibong ipinatupad ng Awtoridad ang mahalagang misyon nito. Para sa bawat nakokolektang dolyar ng lokal na pagpopondo ng nagbabayad ng buwis, ginamit nang husto ng Awtoridad ang mga panumbas ng pondo mula sa mga pinagmumulang pang-estado, pederal, at pribado upang maipatupad ang mga proyekto nito at patuloy itong nakakatanggap ng mahuhusay na taunang pagsusuri at pagsisiyasat sa pagiging bukas.

(c) Sa kasalukuyan, nakapagpasok na ang Awtoridad ng mahigit $180 milyong pagpopondo mula sa labas upang palaguin ang mga lokal na dolyar ng buwis.

(d) Ngayon, ang Awtoridad ay kinikilala bilang lider at tagagawa ng pagbabago sa konserbasyon ng pampublikong lupain, pangangasiwa, mga solusyon sa pagbabago ng klima na batay sa kalikasan, at sa pantay na pag-akses sa mga benepisyo ng kalikasan.

(e) Dahil naging mas matindi ang mga umuulit na kundisyon ng lagay ng panahon, lumaki ang banta ng malawakang kumakalat na pag-unlad, at tumaas ang pangangailangan ng publiko para sa bukas na espasyo, mga parke, at mga landas, kaya naman tumindi rin ang pangangailangan para sa epektibong proteksiyon at pamamahala ng ating mga likas at produktibong lupain.

(f) Sa nakalipas na 10 taon pa lang, dumoble na ang dami ng pampublikong bukas na espasyo na pinamamahalaan at pinangangasiwaan ng Awtoridad, habang ang mga kita nito upang suportahan ang mahalagang misyon na ito ay nanatiling halos hindi nagbabago. Nangangahulugan ito na ang mga benepisyo na naipagkakaloob ng malulusog na likas at produktibong lupaing ito ay lubos na nadagdagan – ngunit nangangailangan ng higit pang suporta upang mapanatili ang kalusugan ng mga likas na lupain sa Santa Clara Valley at ang mga benepisyong sumusuporta sa buhay na naipagkakaloob ng mga ito sa ating mga komunidad at ekonomiya.

(g) Sa pandaigdigan at lokal na antas, lumalawak ang agwat sa pagpopondong kinakailangan upang mapangalagaan at maipanumbalik ang kalikasan. Ang pagpopondong sumuporta sa ating mahahalagang tagumpay sa konserbasyon hanggang sa kasalukuyan ay hindi na sapat upang mapanatili ang kalusugan ng ating mga likas na lupain at katubigan, at hindi na rin ito sapat upang makapagpatatag laban sa mas madadalas at mas matitinding pangyayaring dulot ng lagay ng panahon, mga pagkawala ng biodiversity, at mga banta sa pag-unlad.

(h) Alam naming isang matalinong pamumuhunan ang pagprotekta at pagpapanumbalik sa kalikasan. Ang paggamit ng mahahalagang pampublikong pondo para sa pagprotekta at pangangasiwa sa kalikasan sa kasalukuyan ay higit na maagap at mahusay na paggamit ng pagpopondo kaysa sa pagbabayad para sa pagbangon matapos ang bawat sakuna.

(i) Sa pamamagitan ng makabuluhang pamumuhunan na ipagkakaloob sa ilalim ng Batas para sa Proteksiyon sa Wildfire, Malinis na Tubig, at Bukas na Espasyo ng Santa Clara Valley, mapapalawak ng Awtoridad ang mahalagang gawain nito sa ngalan ng publiko

upang maprotektahan, mapangalagaan, at mapamahalaan ang mga likas at produktibong lupain para sa kapakinabangan ng kalikasan at ng lahat ng residente ng Santa Clara Valley.

### Seksyon 3. Pahayag ng Layunin.

Layunin at intensyon ng mga mamamayan ng Awtoridad sa Bukas na Espasyo ng Santa Clara Valley na gawin ang lahat ng sumusunod kaugnay ng Batas para sa Proteksiyon sa Wildfire, Malinis na Tubig, at Bukas na Espasyo ng Santa Clara Valley:

(a) Magpatibay ng buwis sa parsela upang magkaloob ng mahalagang pagpopondo sa Awtoridad sa Bukas na Espasyo ng Santa Clara Valley upang maprotektahan, maipanumbalik, mapanatili, at mapamahalaan ang lumalaking sistema ng protektadong bukas na espasyo, tirahan ng ligaw na buhay, mga tagapagdulot ng tubig, at mga lupaing pang-agrikultura sa buong County ng Santa Clara na mahalaga upang mapanatili ang kalusugan ng ating mga komunidad at likas na kapaligiran.

(b) Gastusin ang mga malilikom mula sa Batas na ito sa paraang nakabatay sa Planong Pangkapaligiran ng Santa Clara Valley ng Awtoridad, na isang 30 taong plano ng mga priyoridad sa konserbasyon na lumikha ng magkabahaging pananaw para sa kinabukasan ng bukas na espasyo, mga lupaing pang-agrikultura, at likas na yaman ng rehiyon.

(c) Ilaan ang mga malilikom mula sa Batas na ito upang pondohan ang bukas na espasyo at mga likas na yaman, ipanumbalik ang mga tagapagdulot ng tubig at bawasan ang matitinding panganib ng wildfire. Ang mga ispesipikong uri ng mga proyekto na karapat-dapat ay kinabibilangan ng mga proyektong popondohan sa pamamagitan ng anim na magkakaugnay na programa na nagpapatupad sa misyon ng Awtoridad:

(1) Programa sa Pagpapanumbalik, Pangangasiwa, at Pagpapanatili ng mga Lupaing Bukas na Espasyo, Tagapagdulot ng Tubig, at Likas na Yaman.

(2) Programa sa Pagprotekta sa mga Likas at Produktibong Lupain.

(3) Programa sa Pagpapalawak sa Kakayahan ng Publikong Magamit ang mga Parke at Bukas na Espasyo

(4) Programa sa Pagprotekta sa Lupaing Pang-agrikultura at Pagsuporta sa Matatabang Lupa

(5) Programa sa Pagpapalawak sa Pamumuhunang Batay sa Kalikasan sa mga Lugar na Lunsod

(6) Programa sa Pakikipag-ugnayan at Pagbibigay-kaalaman sa Komunidad

(d) Magkaloob ng pananagutan at protektahan ang mga nagbabayad ng buwis gamit ang mahihigpit na hakbang ukol sa pananagutan sa pamamagitan ng isang Komite ng Nagbabantay na Mamamayan at mga independiyenteng pagsusuri, upang matiyak na ang mga pondo ay ginagastos sa loob ng hurisdiksiyon ng Awtoridad bilang suporta sa misyon ng Awtoridad, ayon sa nilalayon ng mga botante.

(e) Garantiyahan na ang pagpopondo ng panukala ay direktang mapupunta sa mga priyoridad ng Awtoridad sa Bukas na Espasyo ng Santa Clara Valley.

### Seksyon 4. Mga Kahulugan.

Para sa mga layunin ng Batas na ito, ang mga sumusunod na termino ay may mga sumusunod na kahulugan:

(a) Tumutukoy ang "Batas" sa Batas para sa Proteksiyon sa Wildfire, Malinis na Tubig, at Bukas na Espasyo ng Santa Clara Valley.

(b) Tumutukoy ang "Awtoridad" sa Awtoridad sa Bukas na Espasyo ng Santa Clara Valley.

(c) Tumutukoy ang "Lupon ng mga Direktor" sa Lupon ng mga Direktor ng Awtoridad sa Bukas na Espasyo ng Santa Clara Valley.

(d) Tumutukoy ang "Gusali" sa anumang estrakturang may bubong na sinusuportahan ng mga posteng bato o ng mga pader at idinisenyo para sa tirahan o pabahay ng sinumang tao o anumang uri ng ari-arian. Kabilang sa salitang "gusali" ang salitang "estraktura" at saklaw nito, nang walang limitasyon, ang lahat ng estrakturang pantirahan, pangkomersiyo, at pang-industriya.

(e) Tumutukoy ang "County" sa County ng Santa Clara.

(f) Tumutukoy ang "Tagakolekta ng Buwis ng County" sa Opisina ng Ingat-yaman at Tagakolekta ng Buwis ng County ng Santa Clara.

(g) Tumutukoy ang "Pondo" sa Pondo ng Batas para sa Proteksiyon sa Wildfire, Malinis na Tubig, at Bukas na Espasyo ng Santa Clara Valley.

(h) Tumutukoy ang "Komite ng Nagbabantay" sa Independiyenteng Komite ng Nagbabantay na binuo ng Awtoridad noong 2015 upang suriin ang mga paggasta sa lahat ng kita mula sa buwis sa parsela na nakolekta sa ilalim ng Panukala Q (na kalaunan ay binago upang isama ang Panukala T ng taong 2020).

(i) Tumutukoy ang "Parsela" sa isang lote, yunit, o kapirasong lupain ng tunay na ari-arian na may tinukoy na mga hangganan at isang kinikilalang may-ari na nasa loob ng mga hangganan ng Awtoridad at nakadokumento para sa mga layunin ng buwis sa ari-arian at binigyan ng numero ng parsela ng tagatasa ng Tagatasa ng County ng Santa Clara.

(j) Tumutukoy ang "Espesyal na buwis sa parsela" sa buwis na ipinapataw ng Seksyon 5.

## Seksyon 5. Pagpapataw ng Espesyal na Buwis sa Parsela.

(a) Simula sa unang buong taon ng pananalapi matapos ang pagpapatibay sa Batas na ito, magpapataw ng espesyal na buwis sa parsela sa bawat parsela ng nabubuwisang tunay na ari-arian sa pare-parehong presyong dalawang sentimo ($0.02) kada piye kuwadradong laki ng gusali, na hindi hihigit sa $7,500 kada parsela.

(b) Ang espesyal na buwis sa parsela ay ipatutupad simula Hulyo 1 ng bawat taon at tatasahin sa tao na nagmamay-ari ng parsela sa petsang iyon, maliban kung ang may-ari ay may pagkalibre sa pagbubuwis ayon sa batas, sa ganitong kaso, ang espesyal na buwis sa parsela ay tatasahin sa may-hawak ng karapatang mag-angkin sa parsela, maliban kung ang nasabing may-hawak ay may pagkalibre din sa pagbubuwis ayon sa batas.

(c) Ang espesyal na buwis sa parsela ay kokolektahin sa parehong oras at paraan kung paano kinokolekta ng County ang mga buwis sa ari-arian alinsunod sa halagang nasa ligtas na listahan, batay sa kasunduang pinasok ng Awtoridad at ng County ng Santa Clara. Ang lahat ng batas, regulasyon, at pamamaraan tungkol sa mga takdang petsa, hulugang pagbabayad, pagwawasto, pag-apela, pagkansela, pagsasauli ng ibinayad, nahuling pagbabayad, multa, lien, at pagkolekta para sa mga buwis sa ari-arian alinsunod sa halagang nasa ligtas na listahan sa County ay malalapat sa pagkolekta ng espesyal na buwis sa parsela. Ang bayarin sa buwis mula sa ligtas na listahan ang magsisilbing tanging paunawa na kailangan para sa pagkolekta ng espesyal na buwis sa parsela.

(d) Ang halaga ng espesyal na buwis sa parsela para sa bawat parsela sa bawat taon ng pananalapi ay magsisilbing lien sa nasabing ari-arian alinsunod sa Seksyon 2187 ng Kodigo Sa Kita At Pagbubuwis ng California at magkakaroon ito ng parehong bisa gaya ng isang lien sa buwis sa tunay na ari-arian na alinsunod sa halaga hanggang sa ganap na itong mabayaran. Ang espesyal na buwis sa parsela, kasama ang lahat ng multa at interes dito, ay magiging personal na obligasyon sa Awtoridad ng tao o mga taong nagmamay-ari ng parsela sa petsa kung kailan ipinataw ang buwis, hanggang sa ito ay mabayaran, sa lawak na pinahihintulutan ng batas.

(e) Simula sa ikalawang taon ng pananalapi kung kailan epektibo ang espesyal na buwis sa parsela, maaaring iakma ng Lupon ng mga Direktor ang halaga ng espesyal na buwis sa parsela taon-taon alinsunod sa Indise ng Presyo ng Mamimili para sa Lahat ng Mamimili sa Lunsod (CPI-U) para sa pang-estadistikang lugar ng San Francisco—Oakland—Hayward, ayon sa iniulat ng Kawanihan ng Estadistika ng Paggawa ng Estados Unidos.

(f) Ang espesyal na buwis sa parsela ay hindi ipapataw sa anumang parsela na may pagkalibre sa buwis sa ari-arian alinsunod sa halaga batay sa anumang tadhana ng batas na pang-estado o pederal.

## Seksyon 6: Mga Pagkalibre.

(a) Alinsunod sa anumang pamamaraang ipinatutupad ng Awtoridad, maaaring igawad ang isang pagkalibre para sa pagbabayad ng espesyal na buwis sa parsela sa anumang parsela na pagmamay-ari ng isa o higit pang tao na kwalipikado sa isa sa mga sumusunod:

(1) Pagkalibre Ng Nakatatandang Mamamayan. Isang may-ari ng parsela na: (1) magiging 65 taong gulang bago ang Hulyo 1 ng taon ng pagbubuwis, at (2) naninirahan sa nasabing parsela bilang pangunahing tirahan.

(2) Pagkalibre Kaugnay ng Suplementong Kitang Panseguridad. Isang may-ari ng parsela na: (1) tumatanggap ng Suplementong Kitang Panseguridad para sa isang kapansanan, anuman ang edad, at (2) naninirahan sa nasabing parsela bilang pangunahing tirahan.

(3) Pagkalibre Kaugnay ng Seguro sa Kapansanan ng Seguridad Sosyal. Isang may-ari ng parsela na: (1) tumatanggap ng mga benepisyo ng Seguro sa Kapansanan ng Seguridad Sosyal, anuman ang edad, (2) ang taunang kita ay hindi hihigit sa 250 porsiyento ng mga pederal na alituntunin sa kahirapan sa taong 2012 na inilabas ng Kagawaran ng mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao ng Estados Unidos, at (3) naninirahan sa nasabing parsela bilang pangunahing tirahan.

(b) Ang mga pagkalibre ay maaaring igawad batay sa isang beses na aplikasyon, na napapailalim sa karapatan ng Awtoridad na beripikahin ang patuloy na kwalipikasyon ng may-ari ng ari-arian para sa pagkalibre. Taon-taong magkakaloob ang Awtoridad sa Tagakolekta ng Buwis ng County o iba pang naaangkop na opisyal ng County ng listahan ng mga parsela na inaprobahan ng Awtoridad para sa pagkalibre.

(c) Tungkol sa lahat ng pangkalahatang usapin sa buwis sa ari-arian sa loob ng hurisdiksiyon nito, ang Tagakolekta ng Buwis ng County o iba pang naaangkop na opisyal ng buwis ng County ang gagawa ng lahat ng pinal na pagpapasiya sa pagkalibre o kaluwagan sa buwis sa anumang dahilan, at ang pagpapasiyang iyon ay magiging pinal at may bisa. Tungkol sa mga usaping ispesipiko sa pagpapataw ng espesyal na buwis sa parsela kabilang ang mga pagkalibreng nakasaad sa subdibisyon (a), o anupamang pinagtatalunang usapin na ispesipiko sa aplikasyon ng espesyal na buwis sa parsela, ang mga pagpapasiya ng Awtoridad ay magiging pinal at may bisa. Ang mga pamamaraang inilarawan dito, at anumang karagdagang pamamaraan na itinatag ng Lupon ng mga Direktor, ay ang magiging eksklusibong pamamaraan para sa mga dapat-matanggap para sa mga humihingi ng dapat-matanggap na naghahangad ng pagkalibre, pagsasauli ng ibinayad, pagbawas, o muling pagkukwenta ng espesyal na buwis sa parsela. Pagpapasiyahan ng Awtoridad kung may anumang partikular na dapat-matanggap na dapat lutasin ng Awtoridad, sa pakikipag-ugnayan sa County kung kinakailangan.

### Seksyon 7. Paglikha ng Espesyal na Pondo.

Sa pamamagitan nito ay itinatatag ang isang espesyal na pondo na tatawaging Pondo ng Batas para sa Proteksiyon sa Wildfire, Malinis na Tubig, at Bukas na Espasyo ng Santa Clara Valley. Ang lahat ng kitang makukuha mula sa espesyal na buwis sa parsela, kasama ang anumang interes at multang kaugnay nito, ay kokolektahin bawat taon ng pananalapi at ilalagak sa Pondo. Ang mga kita sa Pondo ay gagamitin lamang upang maisakatuparan ang mga layunin ng Batas na ito. Maaari ding gamitin ang mga kita sa Pondo upang kolektahin, ipatupad, at pangasiwaan ang espesyal na buwis sa parsela, at upang bayaran ang mga gastusin sa pagsusumite ng anumang susunod na panukala sa mga botante para sa pagtatatag o pagsususog ng isang buwis.

### Seksyon 8. Plano sa Paggasta.

Ang Lupon ng mga Direktor ay taunang ipapamahagi ang mga pera sa Pondo ng Batas para sa Proteksiyon sa Wildfire, Malinis na Tubig, at Bukas na Espasyo ng Santa Clara Valley alinsunod sa mga sumusunod na programa, matapos mabayaran ang mga gastusin sa pangangasiwa ng espesyal na buwis sa parsela, kabilang ang mga gastusin ng Komite ng Nagbabantay ayon sa pinahihintulutan ng Batas. Sa lahat ng pagkakataon, ang anumang proyektong ipatutupad gamit ang mga nalikom mula sa Pondo ng Batas para sa Proteksiyon sa Wildfire, Malinis na Tubig, at Bukas na Espasyo ng Santa Clara Valley ay dapat na naaayon sa mga kapangyarihan ng Awtoridad gaya ng nakalagay sa Batas ng Awtoridad sa Bukas na Espasyo ng Santa Clara Valley (Kabanata 1 ng Dibisyon 26 ng Kodigo sa mga Pampublikong Yaman (nagsisimula sa seksyon 35100)).

(a) Programa sa Pagpapanumbalik, Pangangasiwa, at Pagpapanatili ng mga Lupaing Bukas na Espasyo, Tagapagdulot ng Tubig, at Likas na Yaman.

(1) Ang programang ito ay ididisenyo upang ipanumbalik, pangasiwaan, at panatilihin ang mga lupaing bukas na espasyo, tagapagdulot ng tubig, at likas na yaman, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa:

(A) Pagbibigay ng matatabang lupain at mga daluyan ng tubig sa pamamagitan ng pagpapanumbalik at pangangasiwa ng mga likas na kapatagang binabaha, latian, kagubatang ensina, at halamang tumutubo sa gilid ng mga sapa at ilog; pagpapanatili ng mga landas, lugar ng pagtitipon, at pampublikong lupain at pasilidad ng pagpasok upang pahusayin ang karanasan ng bumibisita; at pagpapanatili ng malilinis, ligtas, at napapanatiling reserbang bukas na espasyo.

(B) Pagbabawas ng matitinding panganib ng wildfire sa mga lupain ng Awtoridad sa pamamagitan ng pamamahala ng mga halaman, kagubatan, damuhan, at kakahuyan sa pakikipagtulungan sa CalFire, sa County, sa mga Konseho para sa Kaligtasan sa Sunog, at iba pang ahensiyang lumalaban sa sunog; pagpapataas ng kakayahang makabangon mula sa sunog sa pamamagitan ng pagbuo at pagpapanatili ng mga hadlang na may kontroladong panggatong, pagbabawas ng mapanganib na naipong panggatong, at pagkontrol sa mga mapaminsalang klase ng halaman; at paggamit ng mga teknolohiya sa pagtugon sa sunog na nagpapahusay sa maagang pagtugon at pagsugpo sa sunog.

(C) Pagpopondo sa pagpapanumbalik ng tirahan at mga koridor ng ligaw na buhay sa pamamagitan ng pagpapahusay, pagpapanumbalik, at pagpapanatili ng tirahan para sa mga ibong lumilipat, mga paruparo, at mga katutubong klase ng halaman; at mga koridor ng ligaw na buhay upang magkaloob ng ligtas na daanan at masuportahan ang maiinam na populasyon ng ligaw na buhay; pagpapanatili at pagpapabuti ng kalidad ng tirahan, kalidad ng tubig, at kalusugan ng himpilan ng tubig; at pagtatanim, pagpapanumbalik, at pangangasiwa ng mga katutubong kagubatan at kakahuyan, pagpapahusay ng matatabang lupa, at pagpapanumbalik at pagpapanatili ng mga latian upang makapag-imbak ng karbon.

(D) Pakikipagtulungan sa mga Tribu ng Katutubong Amerikano upang mapadali ang paggamit ng Tribu sa mga lupang napangalagaan upang mapalaganap ang Tradisyunal na Kaalamang Ekolohikal at mapahusay ang mga kagawian sa pangangasiwa ng lupa, gaya ng pagtatatag ng punlaan ng katutubong halaman upang malinang ang mga halamang may kahalagahang kultural at masuportahan ang pagpapanumbalik ng tirahan, at pagpapatupad ng mga kultural na pagsusunog upang mabawasan ang mga mapanirang wildfire at maibalik ang kalusugan ng ekosistema.

(E) Pagsusulong ng pangangasiwa ng lupa at pangangalaga sa bukas na espasyo sa pamamagitan ng pagpapalawak ng mga pakikipagtulungan sa mga lokal na may-ari ng rantso ng baka upang hikayatin ang konserbasyong pagpapastol, pamamahala ng sakahan at pastulan gamit ang mga kagawiang sumusuporta sa matatabang lupa at pag-iimbak ng karbon, pag-aaral at pagmamanman sa galaw ng ligaw na buhay upang maisulong ang epektibong pagprotekta sa lupa at pagpapanumbalik ng tirahan, pamamahala at pagkontrol sa mga mapaminsala at hindi katutubong klase ng halaman, at pagsuporta sa mga siyentipikong pag-aaral upang mabigyang-impormasyon at mapahusay ang pamamahala ng lupa at mga likas na yaman bilang pagsuporta sa misyon ng Awtoridad.

(b) Programa sa Pagprotekta sa mga Likas at Produktibong Lupain.

(1) Ang programang ito ay ididisenyo upang protektahan ang mga likas at produktibong lupain sa hurisdiksiyon ng Awtoridad, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa: pagprotekta sa magagandang likas na tanawin at mga berdeng lupain sa pagitan ng mga lunsod, mahahalagang daanan ng paggalaw na nagkakaloob ng ligtas na daan para sa ligaw na buhay, at mahalagang tirahan para sa mga bihira, nanganganib, at malapit nang maubos na klase at ekosistema; pagpapalawak ng mga proteksiyon para sa mga likas na lugar, lupaing pang-agrikultura, at tanawing may maraming pakinabang; pakikipag-ugnayan sa mga katuwang na ahensiya at organisasyon upang makapagtatag ng magkakaugnay na sistema ng mga parke at protektadong bukas na espasyo; at pagkuha ng mga interes o pagbili ng mga estratehikong ari-arian at mahahalagang koridor ng landas upang mapabuti ang konektibidad ng panrehiyong landas.

(c) Programa sa Pagpapalawak sa Kakayahan ng Publikong Magamit ang mga Parke at Bukas na Espasyo

(1) Ang programang ito ay ididisenyo upang mapalawak ang kakayahan ng publikong magamit ang mga parke at bukas na espasyo sa buong saklaw ng Awtoridad, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa: pagbubukas at pagpapalawak ng mga pasilidad para sa libangan at edukasyon na nag-uugnay sa mga tao sa mga likas, makasaysayan, agrikultural, at kultural na tanawin, gayundin ang pagpaplano at pagtatayo ng mga bagong landas, pagsasara ng mga puwang sa mga panrehiyong landas para sa pag-akyat ng bundok at pagbibisikleta, pagpaplano para sa mga bago at pinalawak na madaling magamit na landas at pasilidad upang maisulong ang kalusugan at kagalingan ng komunidad para sa mga taong may iba't ibang kakayahan at pangangailangan, pagtugon sa mga hadlang sa kasiyahan ng publiko sa bukas na espasyo sa pamamagitan ng pagsuporta sa mga pagsisikap na mabawasan ang ilegal na gawain at bandalismo sa mga likas na lugar ng bukas na espasyo, at paglilinis ng polusyon at basura, upang maibalik at maprotektahan ang mga likas na lugar at tirahan ng ligaw na buhay.

(d) Programa sa Pagprotekta sa Lupaing Pang-agrikultura at Pagsuporta sa Matatabang Lupa

(1) Ang programang ito ay ididisenyo upang protektahan ang lupang pang-agrikultura ng Awtoridad at suportahan ang matatabang lupa, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa: pagprotekta sa mahahalagang lupang sakahan at pastulan para sa mga lokal na benepisyo

sa pagkain, tubig, at klima; pagbuo ng mga pakikipagtulungan, patakaran, at programa upang suportahan ang produktibo at ekonomikong napapanatiling agrikultura; pagsuporta sa mga lokal, may limitadong yaman, maliliit, at nagsisimulang magsasaka at may-ari ng rantso sa buong saklaw ng Awtoridad; at pagsusulong ng panrehiyong agri-turismo at paglinang ng mga pangalang tatak ng Santa Clara Valley at Coyote Valley para sa mga lokal na produktong pang-agrikultura.

(e) Programa sa Pagpapalawak sa Pamumuhunang Batay sa Kalikasan sa mga Lugar na Lunsod

(1) Ang programang ito ay ididisenyo upang mapalawak ang mga pamumuhunang batay sa kalikasan sa mga lugar na lunsod ng Awtoridad, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa:

(A) Pamumuhunan sa mga komunidad na matatag sa pagbabago ng klima sa pamamagitan ng mga proyektong pakikipagtulungan at pagpopondo sa mga proyektong nagkakaloob ng mas pantay na pag-akses sa kalikasan sa mga lugar na lunsod sa Milpitas, Santa Clara, San José, Campbell, Morgan Hill, at mga lugar na lunsod sa County.

(B) Pagpapahusay at pagpapalawak ng Gawad na Programa sa Lunsod ng Awtoridad sa pamamagitan ng pagsusulong ng mga proyektong lumilikha ng malulusog at ligtas na lugar ng bukas na espasyo at parke sa mga lokal na komunidad. Ang mga pondo para sa Gawad na Programa sa Lunsod ay makukuha sa pamamagitan ng regular na nakaiskedyul na maipanlalabang programa sa mga gawad na itatatag ng Lupon ng mga Direktor sa taunang badyet nito. Ang mga pagbibigay ng gawad ay gagawaran ang iba't ibang uri ng proyekto at heograpiya, na may diin sa pakikilahok ng mga komunidad na kulang sa serbisyo sa bawat lunsod na nasa ilalim ng hurisdiksiyon ng Awtoridad na walang sapat na akses sa bukas na espasyo, mga parke, at berdeng espasyo, ayon sa natukoy sa Ulat ng Pag-unawa sa Ating mga Komunidad ng Awtoridad. Hindi hihigit sa 25 porsiyento ng mga kita mula sa Batas na ito ang maaaring ilaan upang magsilbing kontribusyon sa Gawad na Programa sa Lunsod na ito.

(f) Programa sa Pakikipag-ugnayan at Pagbibigay-kaalaman sa Komunidad

(1) Ang programang ito ay ididisenyo upang hikayatin at turuan ang komunidad tungkol sa kahalagahan ng pangangasiwa na pangkapaligiran, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa: pagpapalakas ng ugnayan ng komunidad sa buong saklaw ng Awtoridad sa pamamagitan ng pagbibigay ng libreng programang pang-edukasyon at interpretatibo para sa mga pamilya, kabataan, at nakatatanda upang matuto tungkol sa kalikasan, mga Katutubong mamamayan, at lokal na agrikultura; pagtataguyod ng pakikipagtulungan sa mga lokal na Tribu at mga organisasyon ng kabataan; at pagpapalawak ng mga pagkakataon sa pagboboluntaryo at pagsusulong sa pagpapaunlad ng lakas paggawa sa mga lupain ng bukas na espasyo.

## Seksyon 9. Pagpapatupad.

(a) Titiyakin ng Awtoridad na ang mga malilikom mula sa Batas na ito ay gagastusin sa isang mahusay at mabisang paraan, na naaayon sa paglilingkod sa kapakanan ng publiko at alinsunod sa umiiral na batas at sa mga kinakailangan ng Batas na ito.

(b) Ang Lupon ng mga Direktor ay magsasagawa ng isa o higit pang pampublikong pagpupulong taon-taon upang makuha ang mungkahi ng publiko tungkol sa taunang badyet at sa pagpili ng mga proyektong bibigyan ng gawad na paggagamitan ng mga malilikom mula sa Batas.

(c) Sa pagpapatupad ng Batas na ito, bibigyang-priyoridad ng Awtoridad ang mga proyekto sa mga saklaw ng programang nakasaad sa itaas na tumutugon sa maraming layunin ng Planong Pangkapaligiran ng Santa Clara Valley, kabilang ang isa o higit pa sa mga sumusunod na layunin:

(1) Mapabuti ang kalusugan ng lupa, tubig, at tirahan ng ligaw na buhay, kaligtasan, at kalidad ng pamumuhay para sa mga residente sa loob ng hurisdiksiyon ng Awtoridad.

(2) Magkaloob ng pantay na pamamahagi ng mga proyekto sa iba't ibang lokasyon sa buong hurisdiksiyon ng Awtoridad.

(3) Palakasin ang epekto sa pamamagitan ng paggamit ng mga pang-estado at pederal na yaman, gayundin ang mga pampublikong/pribadong sosyohan.

(4) Palakasin ang mga ugnayan sa pagitan ng mga komunidad at bukas na espasyo sa pamamagitan ng mga daanan at akses sa sasakyan ng paghahatid na mahalaga para sa rehiyon.

(5) Magbigay-pakinabang sa ekonomiya, kakayahang maipagpatuloy, at katatagan ng rehiyon laban sa pagbabago ng klima sa pamamagitan ng pamumuhunan sa mga imprastrakturang batay sa kalikasan at pagpapaunlad ng lokal na lakas paggawa.

(6) Hikayatin ang kabataan at mga nakababatang nasa hustong gulang na makilahok sa pagpapaunlad ng lokal na lakas paggawa at tulungan silang magkaroon ng mga kasanayan at karanasan kaugnay ng pagprotekta at pangangasiwa sa likas na kapaligiran, ligaw na buhay, mga tagapagdulot ng tubig, at mga lupaing pang-agrikultura.

(d) Maaaring mag-ipon ng kita ang Awtoridad sa loob ng maraming taon upang magkaroon ng sapat na pagpopondo para sa mas malalaki at pangmatagalang proyekto. Ang lahat ng kikitain sa interes ay gagamitin para sa mga layuning tinukoy sa seksyong ito at sa Seksyon 8.

(e) Ang mga malilikom mula sa Batas ay maaaring gamitin para sa mga gastusing pampangasiwaan na itatakda ng Lupon ng mga Direktor bilang makatwiran at kinakailangan sa pamamagitan ng taunang proseso ng badyet o iba pang angkop na mekanismo nito.

(f) Ang mga gastusin sa pagsasagawa o pagkontrata para sa trabahong may kaugnayan sa proyekto ay babayaran mula sa mga kita ng Batas at ilalaan sa naaangkop na layunin at proyekto.

(g) Hanggang sa isang-ikasampu ng isang porsiyento (0.1%) ng mga malilikom mula sa Batas ang ilalaan para sa mga aktibidad ng Komite ng Nagbabantay.

## Seksyon 10. Walang Pagbabawas sa Ibang Kita

Ang mga malilikom mula sa Batas ay naglalayong dagdagan ang taunang suporta para sa Awtoridad at hindi upang palitan ang pagpopondong ipinangako ng mga lunsod o ng County upang suportahan ang mga programa ng Awtoridad.

## Seksyon 11. Pagbabantay ng Mamamayan at mga Independiyenteng Pagsusuri sa Pananalapi.

Upang matiyak ang pananagutan, magiging malinaw, at pampublikong pagbabantay sa lahat ng pondong nakolekta at inilaan sa ilalim ng Batas na ito at upang sumunod sa batas ng estado, malalapat ang lahat ng sumusunod:.

(a) Sa o bago sumapit ang ika-1 ng Enero ng bawat taon ng pananalapi, ang punong opisyal sa pananalapi ng Awtoridad ay magsusumite ng taunang ulat sa Lupon ng mga Direktor na nagpapaliwanag sa (1) halaga ng mga pondong nakolekta at nagastos sa ilalim ng Panukalang ito at (2) kalagayan ng mga proyektong pinahintulutang pondohan ng kitang ito alinsunod sa mga seksyon 50075.1(d) at 50075.3 ng Kodigo ng Pamahalaan.

(b) Titiyakin ng Awtoridad na isinasagawa ang taunang independiyenteng pagsusuri sa pananalapi sa mga pondong nakolekta at nagastos sa ilalim ng mga pondo ng Panukalang ito.

(c) Susuriin ng Independiyenteng Komite ng Nagbabantay ang mga paggasta sa lahat ng kitang nakolekta mula sa buwis sa parsela sa ilalim ng Batas na ito. Kabilang sa mga responsibilidad ng Komite ng Nagbabantay ang taon-taong pagsusuri sa mga paggasta upang matiyak na naaayon ang mga ito sa mga kinakailangan ng Batas na ito, pagsusuri sa taunang ulat at independiyenteng pagsusuri sa pananalapi na inilarawan sa itaas, at pagsusumite ng ulat ng pagbabantay nito sa Lupon ng mga Direktor.

## Seksyon 12. Limitasyon sa mga Paglalaan.

Ang limitasyon sa mga paglalaan para sa Awtoridad ay pana-panahong iaakma batay sa kabuuang halagang nakolekta mula sa pagpataw ng Batas na ito.

## Seksyon 13. Takdang Panahon.

Ang Batas na ito ay mananatiling may bisa hanggang sa wakasan ito ng mga botante.

## Seksyon 14. Petsa ng Pagkakabisa.

Ang Batas na ito ay ituturing na pinagtibay sa petsa kung kailan ipinahayag ng Lupon ng mga Direktor ang resulta ng botohan at magkakabisa sampung (10) araw matapos ang petsang iyon.

## Seksyon 15. Susog sa Batas.

Maliban sa mga susog na magpapataas sa espesyal na buwis sa parsela nang higit sa halagang ipinahihintulot ng Seksyon 5, maaaring susugan ng Lupon ng mga Direktor ang Batas na ito nang hindi isinusumite ang susog sa mga botante para sa pag-aproba, sa kundisyon na ang susog ay naaayon sa at nagtataguyod ng mga layunin ng Batas na ito gaya ng pinagtibay ng mga botante.

## Seksyon 16. Kakayahang Ihiwalay.

Kung ang anumang tadhana ng Batas na ito o ang aplikasyon nito sa sinumang tao o sitwasyon ay ipinahayag na walang bisa o labag sa saligang-batas ng isang hukuman na may kaukulang hurisdiksiyon, ang gayong kawalan ng bisa o paglabag sa saligang-batas ay hindi makakaapekto sa anupamang tadhana o aplikasyon. Sa layuning iyon, ang mga tadhana ng Batas na ito ay ipinahahayag na maaaring paghiwa-hiwalayin. Nilalayon ng mga botante na ang Batas na ito ay mapagtitibay pa rin kahit pa may anumang tadhanang walang bisa na naisama o may anumang aplikasyong walang bisa na nagawa.